Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
-ooOoo-

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-LIMAMPU'T ANIM (56) NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA GUSALI NG EVACUATION CENTER NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, NOONG AGOSTO 10, 2020, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang, Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio, |

**HINDI DUMALO:**

Wala

**RESOLUSYON BLG. 124-2020**

**ISANG RESOLUSYONG NAG-AAMYENDA SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 108, SERYE 2016, NA MAY TITULONG: ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA SA PANUNTUNAN SA PAGLALAAN NG PONDONG PANGKOMUNIKASYON (TELEPHONE EXPENSES) PARA SA MGA HALAL NA OPISYAL AT KAWANI NG BAYAN NG POLILLO**

**SAPAGKAT,** noong ika-29 ng Hulyo 2020 ay nakatanggap ng liham ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan mula sa Tanggapan ng Punong Bayan, na humihiling na Amyendahan ang Kautusang Bayan Blg. 108, Serye 2016, na may titulong: **Isang Kautusang Bayan na Nagtatakda sa Panuntunan sa Paglalaan ng Pondong Pangkumunikasyon (Telephone Expenses) para sa mga Halal na Opisyal at Kawani ng Bayan ng Polillo;**

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa nilalaman ng nasabing liham ay hinihiling ng Punong Bayan na mapasama bilang other recipients ng pondong pangkomunikasyon (telephone expenses) ang mga sumusunod:

1. Local Disaster Risk Reduction Management Officer
2. Tourism Operations Officer I
3. Business Permits Licensing Officer (BPLO)
4. Supply Officer I
5. Public Information Officer

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

6. Public Employment Service Office Coordinator

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay ng Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters ay napagkasunduan na ang nasabing kahilingan ay aprobahan;

**KUNG KAYA AT**, sa mungkahi mula sa Committee on Rules and Privileges/Ordinances & Legal Matters sa pangunguna ng Chairman, Kon. Albert R. Agunias, ay:

**PASIYAHAN**, tulad ng dito ay ipinasisiya at pinagtitibay, na pagtibayin ang Pag-Aamyenda sa Kautusang Bayan Blg. 108, Serye 2016, na may titulong: Isang Kautusang Bayan na nagtatakda sa panuntunan sa paglalaan ng Pondong Pangkomunikasyon (Telephone Expenses) para sa mga Halal na Opisyal at Kawani ng Bayan ng Polillo;

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 145 - 2020**

**ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AAMYENDA SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 108, SERYE 2016, NA MAY TITULONG: ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA SA PANUNTUNAN SA PAGLALAAN NG PONDONG PANGKOMUNIKASYON (TELEPHONE EXPENSES) PARA SA MGA HALAL NA OPISYAL AT KAWANI NG BAYAN NG POLILLO**

RUFINO RENE C. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

*Alinsunod sa kapangyarihang ipinagkaloob ng batas sa Sangguniang Bayan ng Polillo, Quezon ay ipinahahayag ang mga sumusunod:*

**SEKSYON 1. TITULO** - Ang Kautusang Bayang ito ay tatawagin bilang **"ISANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGTATAKDA SA PANUNTUNAN SA PAGLALAAN NG PONDONG PANGKOMUNIKASYON (TELEPHONE EXPENSES) PARA SA MGA HALAL NA OPISYAL AT KAWANI NG BAYAN NG POLILLO"**

**SEKSYON 2. SAKLAW** - Ang Kautusang Bayan na ito ay sasaklaw sa Punong Bayan, Pangalawang Punong Bayan, Sangguniang Bayan, Pinuno ng bawat Tanggapan, Officer-in-Charge/In Charge of Office, with designation, Assistant Department Head/Executive Secretary, at Municipal Local Government Operations Officer na pinagkakalooban ng kaukulang halaga kada buwan buhat sa pondong pangkomunikasyon na inilalaan sa bawat tanggapan.

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**SEKSYON 3. MGA PANUNTUNAN** - Ang mga sumusunod ang magsisilbing panuntunan sa paglalaan ng pondong pangkomunikasyon (telephone expenses):

a. Ang mga sumusunod na Opisyal o Kawani ng Pamahalaang Bayan ang pagkakalooban ng kaukulang halaga kada buwan buhat sa pondong pangkomunikasyon na inilalaan sa bawat tanggapan:

   1. Punong Bayan
   2. Pangalawang Punong Bayan

3. Sangguniang Bayan
4. Pinuno ng bawat Tanggapan
5. Officer-in-Charge/ In Charge of Office
6. With designation
7. Assistant Department Head/Executive Secretary
8. Municipal Local Government Operations Officer (MLGOO)

b. Ang bawat Opisyal o Kawani na gumagamit ng "postpaid plan" ay kinakailangang magsumite ng karampatang opisyal na resibo at billing statement sa bawat inirereimburse na halaga ng kagastusan para sa komunikasyon bilang katibayan.

c. Ang bawat Opisyal o Kawani naman na gumagamit ng "prepaid cards" ay kinakailangang magsumite ng purchase request sa GSO sa bawat quarter para mabili ang mga kaukulang prepaid cards.

d. Ang bawat Opisyal o Kawani na pinagkalooban ng pondo ay kinakailangang magsumite ng cellular phone number para sa pagkakaroon ng opisyal na telephone directory.

e. Ang cellular phone number na isinumite ng bawat Opisyal o Kawani na pinagkalooban ng pondo ay kinakailangang pamalagiing bukas at ang bawat isa ay may pananagutang sagutin ang mga tawag o text ng kinauukulan lalung-lalo na kapag may pangyayaring "natural and man-made disasters" sa ating bayan.

**SEKSYON 4. PAGLALAAN NG KARAMPATANG PONDO -** Sa pamamagitan ng Kautusang Bayan na ito ang bawat Pinuno ng Tanggapan ay ginagawaran ng kapangyarihan na maglaan ng karampatang pondong pangkomunikasyon (telephone expenses) sa bawat taon, sa kanilang Maintenance & Other Operating Expenses (MOOE), sang-ayon sa mga sumusunod na halaga:

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Punong Bayan | - | Aktuwal na Kagastusan |
| 2. | Pangalawang Punong Bayan | - | ₱ 3,000.00 |
| 3. | Sangguniang Bayan | - | ₱ 2,500.00 |
| 4. | Pinuno ng bawat Tanggapan | - | ₱ 1,500.00 |
| 5. | Officer-in-Charge/ In Charge of Office | - | ₱ 1,500.00 |
| 6. | With designation | - | ₱ 1,500.00 |
| 7. | Assistant Department Head/ Executive Secretary | - | ₱ 1,500.00 |
| 8. | Municipal Local Government Operations Officer (MLGOO) | - | ₱ 1,500.00 |

**SEKSYON 5. REPEALING CLAUSE** - Ang alinmang Kautusang Bayan, Kapasiyahan, Executive Order (EO) o kaya ay bahagi nito na hindi tumutugon o tumatalima sa Kautusang Bayan na ito ay pinawawalang bisa o kaya ay sinususugan.

**SEKSYON 6. SEPARABILITY CLAUSE** - Ang alinmang Korte, mala-Hukuman o may Kapangyarihan, na nagpahayag na ang anumang bahagi ng Kautusang Bayang ito ay labag sa batas o walang legal na basehan, ang nasabing pagpapahayag ay hindi nangangahulugan na walang bisa o saysay ang iba pang

ENGR. CRISTINA E. BOSQUE
Punong Bayan

RUFINO RENE O. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan
at Tagapangulo

MEDICINE C. ASIS
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

probisyon, at samakatuwid, lubhang magpapatuloy ang bisa at epekto ng Kautusang Bayang ito.

**SEKSYON 7. PAGKAKABISA** - Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa at ipapatupad matapos na ito ay katigan ng Punong Bayan, maipaskil ang kopya ng Kautusang Bayang ito sa loob ng tatlong Linggo, sa tatlong (3) hayag na lugar sa nasasakupan ng bayan ng Polillo, at makalipas ang tatlumpung (30) araw matapos na pormal na matanggap ng Sangguniang Panlalawigan ang Sipi ng Kautusang Bayang ito, subalit kung sakaling dumating ang Kapasiyahan ng Sangguniang Panlalawigan na hindi umaayon dito ay agarang ipahihinto ang pagpapatupad nito.

**PASIYAHAN PA,** na padalhan ng Resolusyong ito ang Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan ng Quezon para sa kanilang kaukulang pagpapatibay.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Agosto 10, 2020

x--------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang* ***Resolusyon Blg. 124-2020/Kautusang Bayan Blg. 145-2020*** *sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**MEDICINE C. ASIS**
Kalihim sa Sangguniang Bayan I

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

**LUBOS NA PINAGTIBAY:**

**ENGR. CRISTINA E. BOSQUE**
Punong Bayan

*Sinipi noong:*
***Agosto 18, 2020***